

Mga Espesyalistang Matataas ang Kasanayan na Medyor

Sa pamamagitan ng inisyatibong Student Success, ang mga paaralang sekundaryo ng Ontario ay nag-aalay ng mga pinalawak na programa upang makatulong na tugunan ang mga indibidwal na istilo at interes ng mga estudyante. Ang mga programang ito ay nagpapahintulot sa mga estudyante na iangkop ang kanilang karanasan sa mataas na paaralan sa pamamagitan ng iba't ibang bago at pinahusay na mga mapipili sa pag-aaral. Ang mga mapipiling ito ay kabilang ang Dual Credits (Dalawang Kredito), Specialist High Skills Majors (Mga Espesyalistang Matataas ang Kasanayan na Medyor) at Cooperative Education (Koooperatibang Edukasyon).

Ang mga programang ito ay tumutulong na tugunan ang mga pangangailangan, interes at lakas ng lahat ng mga estudyante, pinalalahok sila sa pag-aaral at mas mahusay na inihahanda sila para sa pagtatapos at higit pa.

Ano ang isang Specialist High Skills Major (SHSM)?

Ang SHSM ay isang inaprobahan-ng-ministri na espesyalidad na programa na nagpapahintulot sa mga estudyante ng itutok ang kanilang pag-aaral sa isang partikular na sektor na pangkabuhayan habang tinutugunan ang mga kinakailangan upang magtapos mula sa sekundaryong paaralan. Ito ay tumutulong din sa kanilang paglipat pagkaraang magtapos patungo sa pagsasanay para sa trabaho, kolehiyo, unibersidad o sa lugar ng trabaho.

Pagsapit ng taon ng paaralan ng 2012–13, ang SHSMs ay makukuha sa mga sumusunod na sektor:

- Agrikultura
- Sining at Kultura
- Abyasyon/Panghimpapawid
- Negosyo
- Konstruksiyon
- Enerhiya
- Kapaligiran
- Pagproseso ng Pagkain
- Pagkagubatan
- Kalusugan at Kagalingan
- Paghahalaman at Pagpapaganda ng Lupa
- Hospitalidad at Turismo
- Teknolohiya ng Impormasyon at Komunikasyon
- Hustisya, Kaligtasan ng Komunidad, at Mga Serbisyong Pang-emerhensiya
- Maramihang Paggawa ng Produkto
- Pagmimina
- Di-nagtutubo
- Palakasan
- Transportasyon

Mga Pangunahing Benepisyo ng isang Specialist High Skills Major

Ang pagsisikap patungo sa SHSM ay tumutulong sa mga estudyante na:

- Langkop ang kanilang edukasyon sa sekundaryong paaralan upang bumagay sa kanilang mga interes at talento.
- Bumuo ng espesyalidad na kaalaman at kasanayan.

- Makakuha ng mga kredito na kinikilala ng mga institusyon ng edukasyon pagkatapos ng sekundaryo.
- Magkaroon ng kinikilala ng sektor na sertipikasyon at pagsasanay na may kaugnayan sa karera.
- Bumuo ng Mahahalagang Kasanayan at gawi sa trabaho na nakadokumento sa pamamagitan ng Ontario Skills Passport.
- Tukuyin, subukan at pinuhin ang mga hangarin sa karera at gumawa ng mga may-kaalamang desisyon tungkol sa kanilang hinaharap.
- Manatiling nakapag-aagpang, na makakapiling lumipat ng mga landas, kung ang kanilang mga hangarin at mga plano ay magbago.

Paano kinikilala ang isang Specialist High Skills Major?

Ang mga estudyanteng matagumpay na nakakumpleto ng isang SHSM ay tumatanggap ng:

- isang Diploma ng Paaralang Sekundaryo ng Ontario na may nakatatak na pulang selyo
- isang Rekord ng SHSM na nagdodokumento ng kanyang nakamit
- pormal na pagkilala sa kanyang Transcript ng Estudyante ng Ontario.

Saan Iniaalay ang mga Specialist High Skills Major? Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

Noong 2012–13, ang SHSM na mga programa ay makukuha sa lahat ng mga lupon ng paaralan sa buong lalawigan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol kung ano ang makukuha, makipag-ugnayan lamang sa inyong punong-guro ng paaralan o sa Lider ng Student Success sa inyong lupon ng paaralan. Ang mas detalyadng impormasyon tungkol sa SHSMs at kung paano gumagana ang mga ito ay matatagpuan sa www.ontario.ca/studentsuccess.

ontario.ca/EDUparents